Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG ESPESYAL NA PAGPUPULONG NG IKA-SAMPUNG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG MARSO 10, 2022 SA NASUCOB ELEMENTARY SCHOOL, BARANGAY NASUCOB, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**KAPASYAHAN BLG. 22-03-276**

**KAPASYAHANG HUMIHILING SA DEPARTMENT OF INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT (DILG) NA PAGLAANAN NG PONDO ANG PAGPAPAGAWA AT PAGSASAAYOS NG MALINIS NA SISTEMANG PATUBIG SA BARANGAY NASUCOB, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO**

May-Panukala at Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member DEXTER R. GONZALES**
Mga Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member GERMAN S. ACOSTA**
**Sangguniang Bayan Member JESS V. SAPUNGAN**

"**SAPAGKAT,** ang tubig ay lubhang napakahalaga sa ating buhay, walang buhay kung walang tubig;

"**SAPAGKAT,** ang tubig ay ginagamit sa pagluluto, pag-inom, paliligo at paglilinis sa loob ng tahanan. Mahalaga rin ang tubig sa agrikultura at industriya at higit sa lahat ay mahalaga sa katawan ng tao dahil naglalaman ito ng 70% ng tubig upang maging sapat na malusog at sariwa ng katawan;

"**SAPAGKAT,** batid ng mga barangay na ang DILG ay may mga proyektong patubig sa pamayanan na pinondohan sa ilalim ng Proyektong Salintubig at Bottom Up Budgetting (BUB) na ang pangunahing layunin ay magkaroon ng pagkukunan ng malinis at ligtas na tubig ang mga nakatira sa malalayong lugar kasama ang nasa liblib at mga bundok;

"**SAPAGKAT,** ang Barangay Nasucob ay may mga bukal na malalim at malalakas ang tubig na sa pagtatantya ay sapat na makapag-suplay ng malinis na tubig sa buong barangay. Ang kailangan lang ay ang sapat na pondo para sa paglalatag ng pangmatagalang sistemang patubig na maisakatuparan lamang sa tulong at suporta ng DILG sapagkat ang Bayan ng Bulalacao ay napabilang sa Pro-Poor Municipality na may kakapusan sa pananalapi; **kung kaya't dahil dito…**

Scanned with CamScanner

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Humiling sa Department of Interior and Local Government (DILG) na paglaanan ng pondo ang pagpapagawa at pagsasaayos ng malinis na sistemang patubig sa Barangay Nasucob, Bulalacao, Oriental Mindoro;

**SA MUNGKAHI** nina SB Member German S. Acosta, SB Member Dexter R. Gonzales at SB Member Jess V. Sapungan na pinangalawahan ng lahat, ang Kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY"**: Marso 10, 2022, Barangay Nasucob, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x-------------------------------------------------------------------------x

**Kgg. DEXTER R. GONZALES**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. DENNES M. FANER**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. GERMAN S. ACOSTA**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. EDWIN C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**Kgg. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**Kgg. TULAY M. CARING**
IPM-Representative

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**Kgg. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**Kgg. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: may 6, 2022

22/03/28/PLP/jpc

Scanned with CamScanner